# ALL NATIONS GOSPEL PUBLISHERS



Copyright ANGP

[www.angp-hb.co.za](http://www.angp-hb.co.za)

[info@angp.co.za](mailto:info@angp.co.za)

# Ang Espiritual na Salamin sa Puso

*— Isang Patalinghagang Paglalahad sa pamamagitan ng Sampung Larawan —*

Ang munting aklat na ito na may mga larawan ay nagmula sa Pransiya noong 1732. Tinatawag itong "Espiritual na Salamin sa Puso," o "Aklat ng Puso", at dahil sa taglay na malalim na katotohanang espiritual ay nalimbag, at patuloy na nililimbag sa halos bawa't wikang Europeo, gayundin sa maraming wikang Aprikano, at binabasa ng lahat ng uri ng tao at lahat ng pananalig.

Marami ang nakaranas sa katotohanan ng pangako ng Dios sa Lumang Tipan, na natupad sa Bago, "Bibigyan ko kayo ng bagong puso, at lalagyan ko ang loob ninyo ng bagong diwa" (Ezekiel 36: 26; Hebreo 8: 10).

J. R. GSCHWEND

Copyright ANGP

**COPYRIGHT**
**ISBN 0 - 908412 - 73 - 8**

**ALL NATIONS GOSPEL PUBLISHERS**
**P.O. BO 2191, PRETORIA, 0001, R.S.A.**
(A Gospel Literature Mission financed by donations)
(Reg. No. 1961/001798/08)

Ang sinumang gumagawa ng kasalanan ay sumasalansang din naman sa kautusan: at ang kasalanan ay ang pagsalansang sa kautusan.

At nalalaman ninyo na siya'y nahayag upang mag-alis ng mga kasalanan; at sa kanya'y walang kasalanan.

Ang sinumang nananahan sa kanya ay hindi nagkakasala, sinumang nagkakasala ay hindi nakakita sa kanya, ni hindi man nakakilala sa kanya.

Mumunti kong mga anak, huwag kayong padaya kaninuman: ang gumagawa ng katuwiran ay matuwid, gaya niya na matuwid.

Ang gumagawa ng kasalanan ay sa diyablo; sapagka't buhat pa nang pasimula ay nagkakasala ang diyablo. Sa bagay na ito'y nahayag ang Anak ng Dios, upang iwasak ang mga gawa ng diyablo.

Ang sinumang ipinanganak ng Dios ay hindi nagkakasala, sapagka't ang kanyang binhi ay nananahan sa kanya: at siya'y hindi maaaring magkasala, sapagka't siya'y ipinanganak ng Dios.

Dito nahahayag ang mga anak ng Dios, at ang mga anak ng diyablo: ang sinumang hindi gumagawa ng katuwiran av hindi sa Dios, ni ang hindi umiibig sa kanyang kapatid.

(1 Juan 3:4-10).

Copyright ANGP

# ANG PUSO NG TAO

## ANG TEMPLO NG DIOS O ANG GAWAAN NI SATANAS

### (1 Juan 3:4-10)

Sa inyong pagbasa sa aklat na ito, mangyaring isaisip na parang salamin ito at makikita ninyo rito ang inyong sarili. Maging kayo'y pagano o Cristiano, hindi mananampalataya o tumalikod sa Dios, makikita ninyo ang inyong sarili gaya ng pagkakita ng Dios sa inyo. "Ang tao ay tumitingin sa mukha, nguni't ang Panginoon ay tumitingin sa puso." (1 Samuel 16:7). Hindi nagtatangi ng tao ang Dios.

Si Satanas ay ama ng lahat ng mga sinungaling. Siya ang prinsipe ng kadiliman at diyos ng sanlibutang ito. Nag-aanyo siyang anghel ng kaliwanagan upang dayain ang mga tao. Sa panahong ito, gaya rin noong una, maraming bulaang apostol at magdarayang manggagawa ang nagkukunwang mga apostol ni Cristo. Hindi ito dapat pagtakhan, pagka't maging si Satanas ay nagkukunwaring anghel ng kaliwanagan (2 Corinto 11:13, 14). Binubulag ni Satanas ang paningin at isip ng mga tao upang hindi nila makitang sila'y mahal ng Dios o malaman kaya na si Jesus ay namatay upang sila'y maligtas. Patay at bulag ang lahat ng makasalanan at di-mananampalataya kaya't hindi nila nakikilala ang Dios. Namumuno sa kanila ang espiritu ng diyos ng sanlibutang ito (Efeso 2:2). Malibang mamulat ang kanilang mga paningin hinggil sa kanilang kalagayang tungo sa pagkapahamak, ang tinatahak nila'y walang-hanggang kapariwaraan. Ang taong nagsasabi na "Wala akong kasalanan" ay sarili niya ang dinadaya. "Sa bagay na ito'y nahayag ang Anak ng Dios, upang iwasak ang mga gawa ng diyablo" (1 Juan 3:8). "Pasakop nga kayo sa Dios, magsisalansang kayo sa diyablo, at tatakas siya sa inyo, Magsilapit kayo sa Dios, at siya'y lalapit sa inyo" (Santiago 4:7,8).

Sa pagtunghay ninyo sa aklat na ito at pag-aaral sa mga larawang narito, makikita ninyo ang inyong puso. Hayaan ninyong ipakita ng mapanuring ilaw ng Dios ang kalagayan ng inyong puso. Kilalanin ninyo ang inyong kasalanan at huwag ikailang kayo'y nagkasala, sapagka't sinasabi ng Salita ng Dios na "kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin, nguni't kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan" (1 Juan 1:8-9). "Ang dugo ni Jesu-Cristo, ang Anak ng Dios, ang lumilinis sa atin sa lahat ng kasalanan."

Copyright ANGP

Si Satanas o ang Dios ang namumuno sa inyo; alipin kayo ng kasalanan o lingkod ng Dios. Kung kasalanan ang naghahari sa inyong buhay, huwag ninyong ikaila ito, kundi tumawag kayo sa Dios. Palalayain niya kayo sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na naparito sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan, upang wasakin ang kapangyarihan ni Satanas at ng kasalanang umaalipin sa atin. Siya ang ating katubusan. Nasa harapan kayo ng isang banal na Dios na nakakikita sa lahat ng lihim, sa nakakub'ing isipan at gawa ng tao. Mahirap pagtaguan ang Dios, sapagka't "siyang lumikha ng pakinig, hindi ba siya makakarinig? siyang lumikha ng mata, hindi ba siya makakakita?" (Awit 94:9).

"Sapagka't ang mga mata ng Panginoon ay nagsisiyasat sa palibot ng buong lupa, upang pakilala na matibay sa ikagagaling ng mga yaon na ang puso ay sakdal sa kanya" (2 Cronica 16:9).

"Sapagka't ang kanyang mga mata ay nangasa lakad ng tao, at nakikita niya ang lahat niyang pagyaon. Walang kadiliman, ni makapal mang pangungulimlim na mapagtataguan ng mga manggagawa ng kasamaan" (Job 34:21,22).

"Datapuwa't si Jesus sa kanyang sarili ay hindi rin nagkatiwala sa kanila, sapagka't nakikilala niya ang lahat ng mga tao" (Juan 2:24).

Kaya nga, "mapalad siyang pinatawad ang pagsalansang, na tinakpan ang kasalanan. Mapalad ang tao na hindi paratangan ng kasamaan ng Panginoon, at walang pagdaraya ang diwa niya" (Awit 32:1,2). (Basahin din ang Awit 51). Tumatawag pa rin ngayon si Jesus: "Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin" (Mateo 11:28).

Copyright ANGP


## PALIWANAG SA MGA LARAWAN

### ANG UNANG LARAWAN

**Ipinakikita ng larawang ito ang puso ng isang taong makasanlibutan at makasalanan, yaong pinaghaharian ng espiritu ng sanlibutang ito at ng mga nasa at pita ng laman. Ito ang tunay na larawan ng puso ayon sa pagkakita ng Dios. Ang namumulang mga mata ay nagsasaad ng kalasingan tulad ng inilalarawan sa Kawikaan 23:29-33: "Sinong may sugat na walang kadahilanan? sino ang may maningas na mata? Silang naghihintay sa alak; silang nagsisiyaon upang humanap ng pinaghalong alak. Huwag kang tumingin sa alak pagka mapula, pagka nagbibigay ng kanyang kulay sa saro. Sa huli ay kumakagat ito na parang ahas, at tumutukang parang ulupong. Ang iyong**

mga mata ay titingin ng mga katuwang bagay, at ang iyong puso ay nagbabadya ng mga magdarayang bagay."

Sa gawing ibaba ng ulo sa larawang ito, makikita ang puso ng tao — tinatahanan ng iba't ibang hayop na kumakatawan sa



## ANG PUSO NG MAKASALANAN

marami't iba-ibang kasalanan, pagka't sa puso nananahan at nagmumula ang kasalanan. Ang wika sa atin ng Dios sa pamamagitan ng kanyang propetang si Jeremias, "Ang puso ay magdaraya nang higit kaysa lahat na bagay at totoong masama: sinong makaaalam?" (Jeremias 17:9). Ito'y pinatotohanan ni Jesus nang kanyang sabihin: "Sapagka't mula sa loob, mula sa puso ng mga tao, lumalabas ang masasamang pag-iisip, ang mga pakikiapid, ang mga pagnanakaw, ang mga pagpatay sa kapuwa tao, ang mga pangangalunya, ang mga kasakiman, ang mga ka-

samaan, ang pagdaraya, ang kalibugan, ang matang masama, ang kapusungan, ang kapalaluan, ang kamangmangan: ang lahat ng masasamang bagay na ito ay sa loob nagsisipanggaling, at nangakakahawa sa tao" (Marcos 7:21-23).

1. ANG PABO REAL. — Bagama't hinahangaan ang kagandahan ng pabo real, sa puso ng tao ay kasalanan ng kapalaluan ang ibinabadya nito.

Ang kapalaluan ay galing sa pinakapusod ng impiyerno, at nababadya sa maraming paraan. May mga taong palalo pagka't sila'y mayaman, o mataas ang pinag-aralan nila; ang iba'y nagdaramit nang ayon sa pinakahuling moda kahi't na mabilad ang kanilang katawan sa kahiya-hiyang paraan; ang iba'y dahil sa nakapagsusuot ng mga alahas, pulseras, singsing, at iba pa, tulad ng inilalarawan sa Isaias 3:17-24. May nagpapalalo dahil sa kanilang pinagmulang angkan, lahi, kabihasnan, at iba pa, anupa't nalilimutan nilang "ang Dios ay sumasalansang sa mga palalo, datapuwa't nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba" (1 Pedro 5:5). Napopoot sa kapalaluan at kahambugan ang Dios (Kawikaan 8:13). "Ang kapalaluan ay nagpapauna sa kapahamakan, at ang mapagmataas na diwa ay sa pagkabuwal" (Kawikaan 16:18).

2. ANG KAMBING. — Ito'y kumakatawan sa mga pita ng laman, imoralidad, pakikiapid, pangangalunya. Sa makabagong kapanahunan natin nguni't mga huling araw naman, dumami ang mga kasalanang ito at umabot na sa sukdulan kaya't kailangang aminin natin ang katotohanan ng sinabi ni Jesus nang hulaan niya, may 2,000 taon na ang nakararaan, na ang mga huling araw ay makakatulad ng panahon ng Sodoma at Gomora. Ang makabagong diwang ito ay umaalipin sa mga lalaki't mga babae at nakapasok pati sa tahanan ng mga taong relihiyoso, sa mga paaralan natin at mga tanggapan. Bukod dito, inihahasik nang walang pakundangan at sa tusong paraan ng diyablo ang binhi ng kabulukang ito sa puso ng sangkatauhan sa pamamagitan ng mga panoorin, tanghalan, maruruming babasahin, at sa maraming iba't ibang paraan, anupa't yaong tinatawag ng Dios na kasalanan ay itinuturing na lamang ngayon na makabagong moralidad. Angaw-angaw na kabataan ang bumubuo ng sarili nilang huwaran sa buhay mula sa mga panoorin at mga nobela, na naghahatid lamang sa kanila sa kaguluhan, kahihiyan at mapait na pagsisisi. Mga artistang magugulo ang buhay ang nagiging idolo ng mga kabataan. Ang mga bahay-sayawan din ay madalas na nagiging pugad ng imoralidad. Hindi na ginagawang mga huwaran ang mga bayani ng Dios sa larangan ng kalinisan, gaya ni Jose (Genesis 39) at ng iba pa. Higit na makapagtuturo ng kabutihan sa tinatawag nating maunlad na kabi-

Copyright ANGP

hasnang ito ang matandang paganong taga-Sulu na naghatol ng kamatayan sa sinumang nasasakupan niya na nahuling nangangalunya, at siya pa ang uusig sa atin sa araw ng paghuhukom. Inuutusan tayo ng Dios na huwag gagawing biro ang pakikiapid kundi ito'y ating takasan. "Lahat ng kasalanang gawin ng mga tao ay nangasa labas ng katawan; nguni't ang gumagawa ng pakikiapid ay nagkakasala laban sa kanyang sariling katawan. O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios, at hindi kayo sa inyong sarili?" (1 Corinto 6: 18,19). "Kung gibain ng sinuman ang templo ng Dios, siya'y igigiba ng Dios; sapagka't ang templo ng Dios ay banal, na ang templong ito ay kayo" (1 Corinto 3: 17).

3. ANG BABOY. — Tumutukoy sa mga kasalanang paglalasing at katakawan. Ang baboy ay maruming hayop, kinakain ang anumang makita, malinis o di-malinis. Sa gayunding paraan ay kinakain ng pusong makasalanan ang bawa't maruming mungkahi, pananalita, masasagwang larawan, babasahin, at iba pa. Ang katawan na nilayong maging templo ng Dios na buhay ay nagiging marumi dahil sa maruming pagkain at bisyong gaya ng paghitit ng sigarilyo, opyo, at mapanganib na mga gamot at tableta. Higit kailanman, maraming tao ang alipin ngayon ng paghitit ng tabako at ng opyo, at tanging ang kapangyarihan ng Dios ang makagagamot sa kahabag-habag na mga sugapang ito, mga biktima at alipin ng diyablo. Bagama't maraming relihiyoso ang hindi maninigarilyo sa loob ng kapilya o bahay-sambahan, sapagka't ito'y paglapastangan sa banal na dako, wala rin silang paggalang sa tunay na templo ng Dios — ang kanilang katawan — na dinumihan nila sa pamamagitan ng mabahong dahong ito. "Hindi baga ninyo nalalaman," wika ni Apostol Pablo, "na kayo'y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo? Kung gibain ng sinuman ang templo ng Dios, siya'y igigiba ng Dios" (1 Corinto 6: 16,17).

Copyright ANGP

Kasumpa-sumpa rin sa paningin ng Dios ang taong matakaw. Tayo'y kumakain upang mabuhay; hindi nabubuhay upang kumain. Mapapawi ng mabuting pagkain ang gutom, nguni't ang pagnanasa ay laging sisigaw ng, "Bigyan mo pa ako!"

Walang pagkabusog ang pita. Ayon sa kautusan sa Lumang Tipan, dapat batuhin hanggang sa mamatay ang sinumang matakaw at manlalasing (Deuteronomio 21: 18-21). Sapagka't ang manlalasing at ang mayamo (matakaw) ay darating sa karalitaan: at ang antok ay magbibihis sa tao ng pagkapulubi. Siyang kasama ng mga matakaw ay nagbibigay kahihiyan sa kanyang ama" (Kawikaan 23: 21; 28: 7). Alalahanin ninyong isang mayaman, isang matakaw at alipin ng kanyang mga pita, ang na-

matay at nang nasa impiyerno na'y tumingala upang pasaklolo dahil sa di-mailarawang paghihirap na kanyang dinaranas. Ang kasamaan ng pag-inom ay halos di na kailangang banggitin pa. Batid na ng lahat ang bunga nito at di dapat ipagkibit-balikat. Malinaw na sinasabi sa atin ng Dios na walang manlalasing na magmamana ng Kaharian ng Dios. Ang alak ay hindi pagkain, ito'y makamandag na inuming nagpapalito sa isip, kaya't kumikilos nang kakatwa ang umiinom nito. Nagiging imoral sila at pumapatay, bagay na hindi sana nila gagawin kung hindi sila lasing. "Ang alak ay manunuya, ang matapang na alak ay manggugulo: at sinumang napaliligaw sa kanya ay hindi pantas" (Kawikaan 20:1).

Yaong gumagawa at nagtitinda ng matapang na inumin ay may kasalanan din sa harapan ng Dios, pagka't sinasabi ng Dios, "Sa aba nila na malakas uminom ng alak, at mga taong malakas sa paghahalo ng matapang na inumin" (Isaias 5:22). "Sa aba niya na nagpapainom ng alak sa kanyang kapuwa, na idinadagdag mo ang iyong kamandag, at nilalasing mo rin naman siya" (Habacuc 2:15). "At ang alpa at ang viola, ang pandareta at ang plauta, at ang alak, ay nangasa kanilang mga kapistahan: nguni't hindi nila pinakundanganan ang gawa ng Panginoon" (Isaias 5:12). "Huwag kayong padaya: kahi't ang mga mapakiapid, ni ang mga mananamba sa diyos-diyosan, ni ang mga mangangalunya, ni ang mga nambababae, ni ang mga mapakiapid sa kapuwa lalaki, ni ang mga magnanakaw, ni ang mga masasakim, ni ang mga manlalasing, ni ang mga mapagtungayaw, ni ang mga manlulupig, ay hindi mangagmamana ng kaharian ng Dios" (1 Corinto 6:9,10).

Copyright ANGP

Hindi maipagkakamali ang mga kasalanang bunga ng ating panlupang likas. Narito ang ilan: pakikiapid, karumihan, kalibugan, pagsamba sa diyos-diyosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga pagkakampi-kampi, mga pagkakabaha-bahagi, mga hidwang pananamapalataya, mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at ang mga katulad nito. Ang mga gumagawa ng gayong mga bagay ay hindi magkakaroon ng lugar sa kaharian ng Dios (Galacia 5:19-21). "Huwag kayong magsipaglasing ng alak na kinaroroonan ng kaguluhan, kundi kayo'y mangapuspos ng Espiritu" (Efeso 5:18).

Narito ang paanyaya ni Jesus sa nauuhaw: "Kung ang sinumang tao'y nauuhaw, ay pumarito siya sa akin, at uminom ng tubig ng buhay" (Juan 7:37,38). "Oh lahat na nangauuhaw, magsiparito kayo sa tubig at siyang walang salapi; magsiparito kayo, kayo'y magsibili, at magsikain; oo, kayo'y magsiparito, kayo'y magsibili ng alak at gatas ng walang salapi at walang

bayad" (Isaias 55:1). "Ang sinumang uminom ng tubig na sa kanya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailanman; nguni't ang tubig na sa kanya'y aking ibibigay ay magiging isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang-hanggan" (Juan 4:14).

4. ANG PAWIKAN (PAGONG) ay nagsasaad ng katamaran, pagpapaliban, at pangkukulam. Ang di-pananalig ay kagaya ng kasalanang pangkukulam. "Ang nasa ng tamad ay pumapatay sa kanya; sapagka't tumatanggi ang kanyang mga kamay sa paggawa. May nag-iimbot sa kasakiman buong araw" (Kawikaan 21:25,26). Kinailangang sabihin ni Josue sa mga Israelita, "Huwag kayong magmakupad na yumaon at pumasok upang ariin ang lupain." (Hukom 18:9). Likas sa tao ang katamaran at kakuparan sa pag-angkin sa mga bagay na ukol sa Dios. Sinabi ni Jesus, "Magpilit kayong pumasok sa pintuang makipot" (Lukas 13:24). "Magsihanap kayo, at kayo'y mangakakasumpong." "Ang kaharian ng langit ay nagbabata ng karahasan, at kinukuha nang sapilitan ng mga taong mararahas" (Mateo 11:12).

Ang katamaran hinggil sa kaligtasan at kabutihang espiritual ng ating mga kaluluwa ay maghahatid sa atin sa kapahamakan. Ito'y humahadlang sa ating pananalangin, pagsasaliksik sa malalalim na bagay tungkol sa Dios, at sa pag-aangkin sa pinakamayayamang pangako ng Dios; natutungo ito sa pagkapahamak. Kung nangusap na sa inyo ang Dios, at nananawagang ibigay ninyo ang inyong puso sa Kanya NGAYON, sasabihin ng diyablo na gawin mo ang pagpapasiya bukas, o sa ibang araw na, nguni't hindi na darating ang araw na iyon; at mamamatay ka na walang kaligtasan at walang Cristo. Sinasabi ng Dios, "Ngayon kung marinig ninyo ang kanyang tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso" (Hebreo 3:7,8). Gaano karaming tao ang napahamak dahil sa pagpapaliban sa kaligtasan? Hindi na dumating ang "ibang araw na". Hindi inyo ang araw ng bukas.

Copyright ANGP

Ang likod ng pawikan ay kadalasang ginagamit ng mga mangkukulam sa pagsasagawa ng pangkukulam, at dito'y tumutukoy sa kasalanang pagtitiwala sa kulam at pangkukulam, panghuhula ng kapalaran, sa halip na pananalig sa Dios na buhay. Lalo na kung panahon ng pagsubok at karamdaman, kasawian at pagdadalamhating hatid ng kamatayan, inaatasan tayong tumawag sa Dios na buhay, na handang tumulong, sa halip na magtiwala sa mabuti o masamang kapalaran; sapagka't "ang lakad ng tao ay itinatag ng Panginoon" (Awit 37:23). "May sakit baga ang sinuman sa inyo? ipatawag niya ang mga matanda sa iglesya; at ipanalangin nila siya, na pahiran nila ng langis sa pangalan ng Panginoon: at ang panalangin ng pananampala-

taya ay magliligtas sa maysakit, at ibabangon siya ng Panginoon; at kung nagkasala siya, ay ipatatawad sa kanya. Mangagpahayagan nga kayo sa isa't isa ng iyong mga kasalanan, at ipanalangin ng isa't isa ang iba, upang kayo'y magsigaling" (Santiago 5: 14-16). "Sapagka't hindi man mula sa silanganan, o mula man sa kanluran, o mula man sa timugan, ang pagkataas, kundi ang Dios ay siyang hukom" (Awit 75: 6,7). Inutusan ng Dios ang mga taga-Israel na sinasabi, "Huwag makakasumpong sa iyo ng sinumang nagpaparaan sa apoy ng kanyang anak na lalaki o babae, o nanghuhula o nagmamasid ng mga pamahiin o enkantador, o manggagaway, o enkantador ng mga ahas, o nakikipagsanggunian sa mga masamang espiritu, o mahiko (o nanghuhula ng kapalaran), o sumasangguni sa mga patay (gaya ng espiritista). Sapagka't sinumang gumagawa ng mga bagay na ito ay karumaldumal sa Panginoon" (Deuteronomio 18: 10-12). "Nangasa labas ang mga manggagaway, at ang mga mapakiapid, at ang mga mamamatay-tao, at ang mga mapagsamba sa diyos-diyosan, at ang bawa't nag-iibig at gumagawa ng kasinungalingan" (Apocalipsis 22: 15). "Huwag ninyong babalikan ang mga inaalihan ng masasamang espiritu ni ang mga mangkukulam: huwag ninyong hanapin na magpakahawa sa kanila: ako ang Panginoon ninyong Dios" (Levitico 19: 31). "At pagka kanilang sasabihin sa inyo, Hanapin ninyong silang nakikipagsanggunian sa masamang espiritu at mga manghuhula, na nagsisihuni at nagsisibulong; hindi ba marapat na sanggunian ng bayan ang kanilang Dios? dahil baga sa mga buhay ay sasangguni sila sa mga patay? Sa kautusan at sa patotoo! kung hindi sila magsalita ng ayon sa salitang ito, tunay na walang umaga sa kanila" (Isaias 8: 19,20).

Copyright ANGP

Samantalang binabasa mo ang munting aklat na ito, nangungusap sa iyo ang Dios, nananawagan sa iyo na pagsisihan mo't talikdan ang iyong mga kasalanan at isuko mo sa kanya ang iyong buhay, subali't ang espiritu ng pawikan, na nasa puso mo, ay gumagawa ng lahat ng uri ng mungkahi upang ipagpaliban mo ang pagpapasiya para sa Dios, at sinisikap na maghasik ng takot sa puso mo. "Ano ang sasabihin ng mga kaanak ko, ng mga kaibigan ko, ng daigdig, kung ako'y maging isang tunay na Cristiano? Ano ang mangyayari kung hindi na ako lalahok sa mga sayawan, piging at kasayahang pansanlibutan?" Sa halip na makita ang di-masayod na kayamanang na kay Cristo Jesus, ang kahanga-hangang kapayapaang dulot niya, ang di-maipaliwanag na kagalakan, ang kanyang kaluwalhatian, ang walang-kamatayang buhay na tigib ng kaligayahan, ang nakikita mo'y mga bagay na kailangan mong talikuran kapag pinapasok mo si Cristo sa iyong puso, habang patuloy kang iginagapos ng takot sa tao at takot sa kamatayan at pinananatiling alipin ng diyablo. Nguni't naparito si Cristo upang palayain ang lahat ng naging

alipin dahil sa takot sa kamatayan (Hebreo 2:14,15). Pinatitigas ng espiritu ng pagpapaliban ang puso mo hanggang sa maging sintigas ng likod ng pawikan.

5. ANG LEOPARDO ay isang hayop na napakabangis at malupit. Poot, galit at init ng ulo ang kadalasang naghahari sa puso ng tao at madalas magbunga ng pagpatay. Maaari mong sikaping magtimpi hanggang sa buong kabangisang sumambulat ang pag-iinit ng ulo mo. Makabubuting aminin mong iyan ay nasa puso mo, at hingin kay Jesus na palayain ka. "Huwag kayong magalit" (Genesis 45:5). "Maglikat ka ng pagkagalit, at bayaan mo ang poot: huwag kang mabalisa, iya'y maghahatid lamang sa paggawa ng kasamaan" (Awit 37:8). "Poot ay mabagsik, at ang galit ay mamumugnaw, nguni't sinong makatatayo sa harap ng paninibugho?" (Kawikaan 27:4). "Ang galit ay nagpapahinga sa sinapupunan ng mga mangmang, kaya't ilayo mo ang kapanglawan sa iyong puso" (Ecclesiastes 7:9; 11:10). "Inyo namang layuan ang lahat ng ito: galit, kapootan" (Colosas 3:8).

Maraming duwag ang umiinom muna upang lumakas ang loob sa pagsasagawa ng kasamaan o ng paghihiganti, nguni't "ang kanilang alak ay kamandag ng mga dragon, at mabagsik na kamandag ng mga ahas" (Deuteronomio 32:33). Ang paghihiganti ay matamis sa pusong makasalanan, nguni't ang Dios ang maghihiganti para sa atin. Sinabi ni Jesus, "Ibigin mo ang iyong kapuwa gaya ng iyong sarili" at "Ibigin mo ang iyong kaaway." Nangako ang Dios na patatawarin ang ating mga kasalanan kung patatawarin natin ang sumasalansang sa atin. Kasumpa-sumpa rin sa Dios ang diwang bumubulong at nagtatanim sa kapuwa. Nasa puso ng tao ang masamang pita ng pagbububo ng dugo at pakikipagdigma; dahil dito, dapat ding maitatag sa puso ang tunay na kapayapaan kung ito'y ibig nating manatili.

6. ANG AHAS ang dumaya kay Eba sa halaman ng Eden at sumira sa matamis na pakikipagkaisa at kaugnayan sa Dios. Nanibugho si Satanas, ang nagkasalang anghel, kina Adan at Eba, nang makita niyang sila ang namamahala sa daigdig, namumuhay na kasundo ng Dios, at siyang pumalit kay Lucifer. Udyok ng panibughong ito, binalak ni Satanas ang kapahamakan nila, at nagtagumpay siya sa pagsira sa kahanga-hangang kaugnayan nila sa Dios. Ang gayunding mala-diyablong panibugho at inggit sa puso ng tao ang sumisira sa kaligayahang nasa puso ng ilan kapag nakikita nilang maligaya at maginhawang nabubuhay ang iba. "Panibugho ay mabagsik na parang Sheol" (Awit ng mga Awit 8:6). Naghahasik ito ng masasamang isipan sa puso upang sirain ang kaligayahan ng iba, at maaaring matuloy sa pagpatay.

Copyright ANGP

Totoo ito lalo na sa ilang pag-asawahan. Sa hanapbuhay at sa ibang larangan ng buhay ay di-mabilang na kasawian at kapootan ang ibinubunga nito. Sinasalakay nito maging ang mga manggagawang Cristiano, mangangaral at ministro sakaling may gamiting ibang mga lingkod ang Dios nang higit kaysa kanila. Makabubuting sila'y mag-iingat tuwina, at laging mapuspos ng dalisay na "pag-ibig ng Dios na nabubuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo", kung hindi nila ibig mabahiran ng espiritu ng panibughong mula sa diyablo ang kanilang ministeryo at hindi na tuloy sila magamit ng Dios.

7. ANG PALAKA, na kumakain ng lupa, ay kumakatawan dito sa mga kasalanan ng kasakiman at pag-ibig sa salapi na siyang ugat ng lahat ng kasamaan (1 Timoteo 6: 10). May mga palaka sa Congo, Aprika, na kumakain ng langgam at hindi tumitigil hanggang sila'y magputok sa kabusugan at mamatay. Ang taong masakim ay ayaw magbukas ng kanyang palad upang tumulong sa mahirap at nangangailangan, kundi gumagawa ng lahat ng paraan, matapat at madaya, upang magkamal lamang at magkamit ng mga kayamanan ng sanlibutang ito na, sa dakong huli, sisirain ng kalawang at tanga. Si Jesus ang siyang nagsabing, "Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa, na dito'y sumisira ang tanga at ang kalawang, at dito'y nanghuhukay at nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw: Kundi mangagtipon kayo ng mga kayamanan sa langit, na doo'y hindi sumisira kahi't ang tanga kahi't ang kalawang, at doo'y hindi nanghuhukay at hindi nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw: Sapagka't kung saan naroon ang iyong kayamanan, doon naman doroon ang iyong puso" (Mateo 6: 19-21). Namatay si Achan at ang kanyang buong sambahayan dahil sa pag-ibig sa ginto, pilak, mahahalagang hiyas, at kasuotan (Josue 7). Si Judas Iscariote ay nagbigti dahil sa pag-ibig sa salapi na nag-udyok sa kanya upang ipagkanulo ang kanyang Panginoon at Guro. Hindi ang salapi ang masama, ni ang ginto, kundi ang pag-ibig sa salapi na umaalipin sa puso ng tao.

Copyright ANGP

Isinusuong ng libu-libong lalaki't babae mula sa lahat ng antas sa buhay at lahi ang kanilang buhay at ang buhay ng kanilang pamilya dahil sa maling pagnanais na magkamit ng malaking kayamanan at hangad na biglang yumaman sa pamamagitan ng sugal at pagpusta nang malaki sa karera. Ang hangad na yumaman nang walang gaanong hirap ay natutuloy sa pagnanakaw at pagpatay, bukod sa pagpapatiwakal. Maraming kasama ang pag-ibig sa salapi at kasakiman, gaya ng pag-ibig sa katanyagan, kapangyarihan; maaaring ito'y kapangyarihang pampulitika, upang pangibabawan ang iba; kapangyarihan sa pananalapi, upang apihin ang mahihirap; kapangyarihang pangrelihiyon, pagiging higit na masigasig dahil sa pangalan ng isang

iglesya kaysa alang-alang sa Dios, hanggang sa hatulan niya ang sinumang sumusunod kay Cristo at hindi umaanib sa kanyang iglesya (Marcos 9:38). Sinabi ni Jesus, "Ang buhay ng tao ay hindi sa kasaganaan ng mga bagay na tinatangkilik niya" (Lucas 12:15). Ganito ang kasaysayan ng hangal na mayaman: "Ang lupa ng isang taong mayaman ay namumunga nang sagana: At iniisip niya sa sarili na sinasabi, Ano ang gagawin ko, sapagka't wala akong mapaglalagyan ng aking mga inaning bunga? At sinabi niya, Ito ang gagawin ko: igigiba ko ang aking mga bangan, at gagawa ako ng lalong malalaki; at doon ko ilalagay ang lahat ng aking butil at aking mga pag-aari. At sasabihin ko sa aking kaluluwa, Kaluluwa, marami ka nang pagaaring nakakamalig para sa maraming taon; magpahingalay ka, kumain ka, uminom ka, matuwa ka. Datapuwa't sinabi sa kanya ng Dios, Ikaw na haling, hihingin sa iyo sa gabing ito ang iyong kaluluwa; at ang mga bagay na inihanda mo, ay mapapasa kanino kaya? Gayon nga ang nagpapakayaman sa ganang kanyang sarili, at hindi mayaman sa Dios" (Lucas 12:16-21). "Sapagka't ano ang mapapakinabang ng tao, na makamtan ang buong sanlibutan, at mapapahamak ang kanyang buhay?" (Marcos 8:36). "Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay, kung ano ang inyong kakanin; kahi't sa inyong katawan, kung ano ang inyong daramtin . . . Gayunma'y hanapin ninyo ang kanyang kaharian, at idaragdag sa inyo ang mga bagay na ito . . . Sapagka't kung saan naroroon ang inyong kayamanan, ay doroon naman ang iyong puso" (Lucas 12:22-34).

8. SI SATANAS, na ama ng lahat ng sinungaling at gumagawa ng kasinungalingan, ang nag-uudyok ng iba't ibang kasalanan, at siyang naghahari sa puso. Sinabi ni Jesus, "Kayo'y sa inyong amang diyablo, at ang mga nais ng inyong ama ang ibig ninyong gawin. Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi nananatili sa katotohanan, sapagka't walang katotohanan sa kanya. Pagka nagsasalita siya ng kasinungalingan, ay nagsasalita siya ng sa ganang kanya: sapagka't siya'y isang sinungaling, at ama nito" (Juan 8:44). Ang maliit na kasinungalingan ay kasing-sama ng malaki. May mga kasinungalingang sinusulat, sinasambit, ikinikilos. Ang isang mapagkunwari ay sinungaling pagka't nagkukunwari siya gayong hindi siya gayon sa katotohanan. Hindi makapagsisinungaling ang Dios — gayundin ang Cristiano (Tito 1:2). "Kung sinasabi nating tayo'y may pakikisama sa kanya at nagsisilakad tayo sa kadiliman, ay nangagbubulaan tayo, at hindi tayo nagsisigawa ng katotohanan" (1 Juan 1:6). "Nangasa labas ang mga aso, at ang mga manggagaway, at ang mga mapakiapid, at ang mga mamamatay-tao, at ang mga mapagsamba sa diyos-diyosan, at ang bawa't nag-iibig at gumagawa ng kasinungalingan" (Apocalipsis 22:15). Nasu-

Copyright ANGP

suklam ang Dios sa sinungaling na saksi at sa bulaan (Kawikaan 6: 19).

9. ANG BITUIN ay tumutukoy sa budhing nasa puso ng bawa't tao. Narito ang budhing ito, marumi at masama, marahil ay patay dahil sa patuloy at kinukusang pagkakasala; bulag at liko, kaya't hindi na niya mahatulan ang sarili niyang kilos. Ang masamang budhing ito ay tahimik kung minsan, ligalig sa ibang pagkakataon. Nang-uusig ito gayong nararapat magpatawad, at nagpapatawad gayong nararapat mang-usig. Maaaring "hinerohan ang budhi ng waring bakal na nagbabaga" at wala nang pandamdam bunga ng paghiwalay sa pananampalataya, pagsunod sa mga espiritung nanghihikayat at mga turo ng mga diyablo, kaya't nagagawa nilang magsalita ng mga kasinungalingan (1 Timoteo 4: 1,2; Hebreo 10: 22).

10. ANG MATA ng Dios ay nakakakita sa lahat ng nangyayari sa puso. Walang maikukubli sa nag-aapoy niyang mata, kaya't nalalaman niya at nakikita ang lahat ng lihim na isipan at balak ng puso. Kahi't gawin mo ang kasamaan sa pinakamadilim na gabi, sa pinakamakapal na kagubatan, sa pinakamalalim na balon o saan mang lugar, ito'y nakikita ng Dios. (Ang mata sa mga larawang ito ay tumutugon din sa ibinabadya ng mukha ng tao.)

11. ANG MALILIIT NA DILANG APOY sa paligid ng puso ay kumakatawan sa pag-ibig ng Dios na nakapalibot sa pusong makasalanan. Bagama't napoot sa kasalanan ang Dios, iniibig niya ang tao at ayaw niyang mamatay ang makasalanan, kundi ito'y magsisi at mabuhay. Naparito si Jesus upang iligtas ang mga makasalanan. Malaking pagkakatuwa ang nagaganap sa kalangitan kapag may makasalanang nagsisisi. Tumutukoy rin ang maliliit na dilang apoy sa dugo ni Jesu-Cristo, "ang Kordero ng Dios na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan."

12. ANG ANGHEL ay kumakatawan sa Salita ng Dios. Nais ng Dios na mangusap sa bawa't lalaki o babaing nadaya at inalipin ng kasalanan, upang siya'y magsisi at patuluyin niya sa kanyang puso ang ilaw at pag-ibig ng Dios.

13. ANG KALAPATI ay sagisag ng Espiritu Santo, ang Espiritu ng katotohanan na umaantig sa tao at nagpapakita sa kanya ng kanyang kasalanan at ng pangangailangan sa katuwiran at ng darating na paghatol. Ang Espiritu Santo ay narito sa labas ng puso ng tao. Hindi makalalagi ang Espiritu Santo sa dakong pinaghaharian ng kasalanan.

Kung sakaling ang larawan ng ganitong uri ng puso ay katugon ng kalagayan ng inyong puso, tumawag sa Panginoon, buksan

Copyright ANCP

ang inyong puso sa kanya, at hayaang magliwanag diyan ang Kanyang Salita. "Manampalataya ka sa Panginoong Jesu-Cristo at maliligtas ka." Handa ang Dios, oo, ipinangako niyang babaguhin ang inyong puso, bibigyan kayo ng bagong puso at bagong diwa. Inilalarawan ito sa pangalawang larawan.

## ANG IKALAWANG LARAWAN

Ipinakikita ng larawang ito ang isang nagsisising puso na nagpapasimulang maghanap sa Dios. Hawak ng anghel ang tabak, ang Salita ng Dios, na "buhay at mabisa, at matalas kaysa alinmang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasu-kasuan at utak, at madaling kumilala ng mga pag-iisip at mga haka ng puso" (Hebreo 4:12). Ipinagugunita sa kanya ng Salita ng Dios na "ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan," at "itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom" (Hebreo 9:27). Magiging bahagi ng makasalanan at ng di-mananampalataya ang dagat-dagatang apoy at asupre.

Sa kabilang kamay naman ay isang bungo ang hawak ng anghel. Ito'y nagpapagunita sa makasalanan na mamamatay tayong lahat. Ang ating katawan na mahal na mahal natin, dinaramtan, pinakakain at pinagaganda, inaalagaang mabuti upang lumasap at mabusog ng mga bagay na napipita at ninanasa nito, ay mamamatay at mabubulok, at kakainin ng mga uod datapuwa't mabubuhay magpakailanman ang ating kaluluwa at espiritu, at haharap isang araw sa luklukan ng paghatol ng Dios.

Makikita natin dito na nagpapasimula nang makinig sa mensahe ng Dios ang makasalanan at magbukas ng kanyang puso sa pag-ibig ng Dios. Nagpapasimula nang magliwanag sa madilim at makasalanang puso ang Espiritu Santo. Pumapasok na sa kanyang templo ang ilaw ng Dios upang itaboy ang lahat ng kadiliman. Pagpasok ng ilaw ng Dios, lalayas ang kadiliman. Tatakas ang kasalanan, na kinakatawan ng iba't ibang hayop. Kaya nga, mahal na mambabasa, hayaan mong pumasok sa iyong puso si Jesus, ang Ilaw ng sanlibutan, nang umalis ang kadiliman at mga gawa ng kadiliman, gaya ng nakalarawan. Sinabi ni Jesus, "Ako ang Ilaw ng sanlibutan; ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman" (Juan 8:12). Hindi kayo magtatagumpay kailanman sa pagpapalayas sa kadilimang nasa inyong puso sa sariling pagsisikap, sariling kaalaman, o kaalaman ng ibang tao. Ang pinakamadali, pinakatiyak, pinakamabilis at pinakamabisa at tanging paraan, ay ang bayaang makapasok si Jesus, ang Ilaw, at lalayas ang kadiliman, ang kasalanan. Makatutulong sa atin sa kadiliman ng gabi ang buwan at mga

Copyright ANGP

bituin, nguni't pagsikat ng araw, mapaparam ang kadiliman pati maliliit na ilaw. Si Jesus ang Araw ng Katuwiran. Nang pumasok siya sa templo sa Jerusalem, tinaboy niya ang lahat ng nagbibili ng baka, tupa at kalapati, at itinapon ang salapi ng




## ANG PUSONG SINUMBATAN AT NAKATALAGA

mga namamalit nito, at ang wika, "Nasusulat, ang aking bahay ay tatawaging bahay-panalanginan; datapuwa't ginagawa ninyong yungib ng mga tulisan" (Mateo 21: 13). Ang inyong puso ay nakatakdang maging bahay ng Dios, templo ng Dios. Nais niyang tumahan dito, pagandahin ito, puspusin ng ilaw, pag-ibig at galak. Hindi lamang naparito si Jesus upang tayo'y patawarin sa ating mga kasalanan, kundi upang palayain tayo mula sa

gapos at kapangyarihan ng kasalanan. "Kung palayain nga kayo ng Anak, kayo'y magiging tunay na laya" (Juan 8:36).


## ANG IKATLONG LARAWAN

Ipinakikikita sa atin ng larawang ito ang kalagayan ng puso ng isang makasalanang tunay na nagsisisi. Nakikita niya ngayon ang kalakhan at kasamaan ng marami niyang kasalanang dahilan ng pagkamatay ni Jesus sa krus. Sa pagkamalas niya sa krus na ipinakikikita sa kanya ng anghel, ang Salita ng Dios, halos mawasak ang ngayo'y bagbag niyang puso, at gayon na lamang ang kanyang panggigipuspos at pagdadalamhati dahil sa napakarami niyang kasalanan. Sa pagkakita niya sa dakilang pag-ibig ng Dios na nahayag kay Cristo Jesus, halos matunaw ang kanyang puso, lalo na sa pagkagunita niyang naparito si Jesu-Cristo, ang Anak ng Dios, upang mag-alis ng marami niyang kasalanan, pagka't buong puso siyang namatay sa kasumpa-sumpang krus kapalit ng makasalanan.

Ang katunayan na si Jesus ay hinampas, pinutungan ng mga tinik, pinakuan sa mga kamay at mga paa, at namatay sa isang krus dahil sa ating mga kasalanan, ay buong linaw ngayong nauunawaan ng nagsisising makasalanan, at siyang lumilikha ng pagbabago sa kanyang puso't buhay. Sa pagbabasa niya ng Salita ng Dios na parang salaming nagpapakita sa kanya ng tunay niyang kalagayan, lalo't lalo niyang napagkikilala kung gaano kalayo na siya sa Dios at kung paano niya nilabag ang kanyang mga utos. Sinasakmal siya ng kalungkutan at taimtim na magsisisi. Sa kanyang mapait na pagtangis at pagsamo sa Dios, lumalapit naman si Jesus. Sumasapuso niya ang pag-ibig at kapayapaan ng Dios habang nagliliwanag sa kanya ang katotohanang "nililinis tayo ng dugo ni Jesus na kanyang Anak sa lahat ng kasalanan" (1 Juan 1:7). "Ang Panginoon ay malapit sa kanila na may bagbag na puso; at inililigtas ang mga may pagsisising diwa" (Awit 34:18). Muling ipinahahayag ng Salita ng Dios, "Ang taong ito ay titingnan ko, samakatuwid baga'y siyang dukha at may pagsisising loob, at nanginginig sa aking salita" (Isaias 66:2). Ibinubulong ng Espiritu Santo ang mga salita ni Jesus sa kanya, "Anak, magalak ka; pinatatawad ang iyong mga kasalanan." Samantalang nakatingin pa siya sa krus at sa dugo ni Jesus na nabuhos sa krus, na nananalig na para sa kanya ang lahat ng iyon, nadarama niyang inaalis ang kanyang pasang kasalanan, pagka't dinala ni Jesus ang ating mga karamdaman at kapanglawan; kaya "siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalansang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan;" anupa't "ipinasan sa kanya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat" (Isaias 53).

Copyright ANGP

Ang Espiritu Santo at ang pag-ibig ng Dios ang umaangkin sa nilinis na puso. Sa pagtingin niyang may pananampalataya sa krus at kay Jesus, napagkikilala niyang pinatawad na ang




**ANG PUSONG NAGSISISI**

mga kasalanan niya, at nagkakamit siya ng katiyakan sa kanyang puso na ang dugo ni Jesus, ang Anak ng Dios, ang luminis sa kanyang karumihan (1 Juan 1:7). Natitiyak niya ngayon na ang sumasampalataya kay Jesus ay hindi mapapahamak, kundi may buhay na walang hanggan (Juan 3:16). Sapagka't "sa kanya'y mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng kanyang dugo, na kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng kanyang biyaya" (Efeso 1:7). Ang ma-

kasalanang mga pita ng laman ay napalitan na ngayon ng marubdob na pagnanais na mamuhay para sa Dios at maglingkod sa kanya "na unang umibig sa atin". Sa halip na mahalin ang sanlibutan at ang mga bagay ng sanlibutan, minamahal niya ang Dios at ang mga nauukol sa Dios.

Kaya nga, sa larawang ito, makikita nating nasa labas na ng puso ang mga hayop na kumakatawan sa kasalanan, bagama't atubili pa si Satanas na umalis sa dati niyang tirahan, at lumilingon siya na umaasang muling makapasok. Ito ang dahilan kung bakit binabalaan tayo ng Panginoong Jesus na magbantay at manalangin; labanan ang diyablo upang takasan niya tayo.

## ANG IKAAPAT NA LARAWAN


Ito ang larawan ng isang Cristianong nakasumpong ng ganap na kapayapaan at katubusan sa pamamagitan ng pagpapakasakit ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo, kaya nga wala siyang ipinagmamapuri kundi "ang krus ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na sa pamamagitan niyao'y ang sanlibutan ay napako sa krus sa ganang akin, at ako'y sa sanlibutan" (Galacia 6: 14). Si Jesus ay namatay sa krus upang tayo rin, "pagkamatay natin sa mga kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran" (1 Pedro 2: 24); isang Cristianong patay sa sanlibutan. Inuutusan tayong "magsilakad ayon sa Espiritu, at hindi ninyo gagawin ang mga pita ng laman" (Galacia 5: 16,25).

Ang haliging pinaggapusan sa Panginoong Jesus matapos nilang kunin ang kanyang kasuutan, ay nasa larawang ito ng puso, gayundin ang mga ipinanghampas sa kanya. Sinaktan siya dahil sa ating mga kasalanan pagka't "ang parusa tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kanya." Inuyam siya ni Herodes at ng mga tauhan nito, at matapos hampasin ay nilagyan ng koronang tinik ang kanyang ulo — sa halip na putungan siya ng koronang ginto, at nilagyan sa kanang kamay ng kaputol na tambo — sa halip na setro ng isang hari, at niyukuran nila Siya at nilibak, na sinasabi, "Magpugay sa Hari ng mga Judio!" Niluran Siya, inagaw ang tambong hawak niya, at hinampas sa ulo. Matapos siyang hiyain at buong lupit na 'ibakin, dinala siya sa labas ng bayan upang ipako sa krus.

Napakaraming tinatawag na mga Cristiano ang nananalangin sa mga iglesya, nakikisama sa Santa Cena, umaawit ng mga awit tungkol sa Dios, gayunma'y patuloy nilang ipinapako sa krus ang Tagapagligtas dahil sa masasama nilang gawa. "Hindi ang bawa't nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit" (Mateo 7: 21-27).

Copyright ANCP

Sa larawang ito'y makikita rin natin ang supot ng salapi ni Judas, na nagkanulo sa Panginoong Jesus sa pamamagitan ng tatlumpong putol na pilák, dahil sa pag-ibig sa salapi na bumihag sa kanyang puso at bumulag sa kanyang isip. Ang




## IPINAKONG KASAMA NI CRISTO

ilawan, tanikala, at iba pa, ay ginamit ng mga kawal na dumakip kay Jesus noong gabi. Ang dais na gamit sa sugal ay ginamit ng mga kawal nang pagsugalan nila ang kanyang damit; sa gayo'y tinupad nila ang hula ng propeta. "Hinapak nila ang aking mga kasuutan sa gitna nila, at kanilang pinagsapalaran ang aking kasuutan" (Awit 22:18). Kinuha ang lahat mula kay Jesus, nguni't tinanggihan siya, na sinasabing, "Ayaw naming mamahala ang taong ito sa amin."

Ang sangkatauhan ay masugid sa pagtanggap ng mga pagpapala mula sa Dios, ang ulan at sikat ng araw, nguni't ayaw nilang pailalim sa ganap na pamamahala ng Dios. Sa ganang marami, ang Dios ay mabuting tulong lamang sa panahon ng kabagabagan at kasawian.

Sa pamamagitan ng sibat, inulos ng mga kawal ang Kanyang tagiliran at puso "at pagdaka'y lumabas ang dugo at tubig" (Juan 19: 33-37). Bago tumilaok ang tandang, makaitlong ikinaila ni Pedro ang Panginoong Jesus, ngunt'i buong pait niyang pinagsisihan ang nagawa niya pagkaraan. Ipinahahayag mo ba si Jesus sa salita at gawa? O nahihiya ka sa harapan ng mga tao? Sinabi ni Jesus, "Ang bawa't kumikilala sa akin sa harap ng mga tao, ay kikilalanin ko naman siya sa harap ng aking Ama na nasa langit. Datapuwa't ang sinumang sa aki'y magkaila sa harap ng mga tao, ay ikakaila ko naman siya sa harap ng aking Ama na nasa langit" (Mateo 10: 32,33).

Sinabi rin ni Jesus, "At ang hindi nagpapasan ng kanyang krus at sumusunod sa akin, ay hindi karapatdapat sa akin" (Mateo 10: 38). Mapapalad yaong nakatindig sa ibabaw ng Bato, si Jesu-Cristo!

"Oh Bato ng panahon,
Sa Iyo nagkakanlong;
Ang tubig at ang dugong
Dumaloy mula sa 'Yo,
Sa aking kasalanan,
Lilinis, dadalisay."

Copyright ANGP

## ANG IKALIMANG LARAWAN

Ipinakikita ng larawang ito ang nilinis at binanal na puso ng makasalanang iniligtas ng saganang biyaya at awa ng Dios. Ito'y naging isang tunay na templo ng Dios, ang tahanan ng Dios Ama, Anak at Espiritu Santo, ayon sa pangako ng Panginoong Jesu-Cristo, "Kung ang sinuman ay umiibig sa akin, ay kanyang tutuparin ang aking salita: at siya'y iibigin ng aking Ama, at kami'y pasasa kanya, at siya'y gagawin naming aming tahanan" (Juan 14: 23). Pinararangalan, pinagpapala, at itinataas ng Dios ang tao sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. (Lucas 1: 52).

Ang puso ay naging isang tunay na templo ng Dios ngayon. Naitaboy na ang kasalanan. Sa halip ng iba't ibang hayop na pinamamamahalaan ni Satanas, ang ama ng kasinungalingan, makikita natin ang Espiritu Santo, ang Espiritu ng Katotohanan, na nananahan sa puso. Sa halip na maging kasumpa-sumpang luklukan ng kasalanan, ang puso'y naging isang maganda't namu-

mungang puno o harding namumunga ng mga bunga ng Espiritu, tulad ng pag-ibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, pagpipigil at iba pang nakalulugod sa Dios at sa tao. Siya ngayon ay naging isang namumungang sanga ng Tunay na Puno ng Ubas — ang ating Panginoong Jesu-Cristo. Ang lihim ng ganitong pamumunga ay sapagka't nananatili siya kay Cristo, at si Cristo at ang kanyang mga salita ay nasa kanya (Juan 15: 1-10). Sa pagkapuspos niya at pagkabautismo sa Espiritu Santo ay napagtatagumpayan niya ang laman at mga pita nito, at naipako niya ang lumang pagkatao. Sa kapangyarihan ng Espiritu Santo ay nakalalakad siya sa Espiritu at napagtatagumpayan ang laman. Hindi na siya nabubuhay ayon sa kanyang nakikita, naririnig at nadarama, kundi sa pananampalataya — pagka't ang pananalig kay Cristo Jesus ang lihim ng pagtatagumpay sa sanlibutan. Nabubuhay siya na may tiyak at buhay na pag-asa at pinalalakas ng mapalad na pag-asa na malapit nang magbalik ang Panginoong Jesu-Cristo. Namumuhay siya ayon at sa pag-ibig ng Dios, na nananatili magpakailanman.

"Mapapalad ang mga may malinis na puso: sapagka't makikita nila ang Dios" (Mateo 5: 8). Alam ni Haring David, sa kabila ng lahat ng kanyang kayamanan at tagumpay sa panlabas na kaaway, na ang pinakamagiting na digmaan ay nagaganap sa sarili niyang puso, at sa pagkakilala sa malalim at panloob na pangangailangang ito, ang dalangin niya ay, "Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, Oh Dios, at magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko" (Awit 51: 10). Walang sinumang makapaglilinis ng kanyang puso, o makalilikha sa loob niya ng malinis na puso, malibang siya'y taimtim na magsisi at manumbalik sa Dios katulad ni David, at hingin sa Dios na likhaan siya ng bagong puso. Ibig na ibig ng Dios na baguhin ang inyong buhay. Kahi't na tapalan ninyo ang sira't lumang damit ng iyong sariling katuwiran sa pamamagitan ng mabubuway na mga pangako, hindi ninyo magagawang katanggap-tanggap na tahanan ng Dios ang inyong puso. Handang tumulong sa inyo ang Dios, sapagka't siya ang nangako na, "At ako'y magwiwisik ng malinis na tubig sa inyo, at kayo'y magiging malinis: sa buo ninyong karumihan, at sa lahat ninyong mga diyus-diyusan, lilinisin ko kayo. Bibigyan ko rin naman kayo ng bagong puso, at lalagyan ko ang loob ninyo ng bagong diwa; at aking aalisin ang batong puso sa inyong katawan, at aking bibigyan kayo ng pusong laman. At aking ilalagay ang aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakarin ko kayo ng ayon sa aking mga palatuntunan, at inyong iingatan ang aking mga kahatulan, at isasagawa" (Ezekiel 36: 25-27). Ito ang kahulugan ng Bagong Tipan na tinatakan ng Dios ng dugo ng Kanyang Anak na si Jesu-Cristo.

Copyright ANGP

Mapapansin din natin sa larawang ito ang muling paglitaw ng anghel. Ang mga anghel ay tinakdaang maglingkod sa kanila na magmamana ng buhay na walang-hanggan, at paliligiran sila na natatakot sa kanya (Awit 34:7; 91:11; Daniel 6:22; Mateo 2:13; 13:19; 18:10; Gawa 5:19; 12:7-10).


Makikita rin ang diyablo sa larawang ito, nakatayong malapit sa puso, waring naghihintay ng pagkakataon upang muling makapasok sa dati niyang tirahan. Kaya nga't ang payo sa atin ay magbantay at manalangin, sapagka't ang ating "kalaban, ang diyablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya" (1 Pedro 5:8). Madalas siyang maganyong anghel ng kaliwanagan, at inililigaw ang mga hinirang na hindi nakabantay, upang gumawa ng makasalanang pita ng sanlibutang ito. Subali't kung lalabanan natin ang diyablo, tatakasan niya tayo. (Santiago 4:7).

## ANG IKAANIM NA LARAWAN

Ito ang malungkot na larawan ng isang nagbalik sa kasalanan. Pumipikit na ang isang mata, nagbabadyang nanlalamig na siya at inaantok sa kanyang buhay Cristiano, samantalang ang isang mata ay hindi nahihiyang tumitingin sa paligid, namimintuho sa sanlibutan. Dumilim na ang ilaw sa loob, at ang mga sagisag sa kanyang puso, na nagsasaad ng kahandaan niyang magtiis na kalakip ni Cristo, ay nabawasan at hindi na nakatayong matuwid. Napaliligiran siya ng mga tukso at unti-unti na siyang napaiilalim sa halip na lumaban. Sa halip na dinggin ang tinig ng Dios, dinirinig niya ang tusong mungkahi at mabuway na pangako ng manunukso. Bagama't nagpupunta pa rin siya sa kapilya, at itinatago ang pagka-makasanlibutan niya sa ilalim ng balabal na relihiyon, nanlamig na ang pag-ibig niya sa Dios. Nagdadalawang-loob siya, at hindi malaman kung saan papanig. Nakikilahok na siya sa sanlibutan, at nagkukunwaring umiibig sa Dios. Dumilim na ang bituin sa puso niya, o ang kanyang budhi. Hindi na niya dinadalang may ngiti ang krus, kundi ipinalalagay na pabigat. Mabuway na rin ang kanyang pananampalataya, hindi na siya nakikipag-ugnay sa Dios sa pananalangin, nagkikibit-balikat at pabaya sa kalagayan ng kanyang puso at unti-unting nagbibigay-daan sa manunukso na umaaligid sa labas ng kanyang puso. Higit niyang kinagigiliwan ang pakikisama sa mga makasanlibutan kaysa makipagkaisa sa mga tunay na mananampalataya.

Ang diwa ng pabo real, na kumakatawan sa kapalaluan, ay muling pumapasok. Maaaring nakalimutan niyang iniligtas siya ng biyaya lamang ng Dios, at naging palalong Cristiano ngayon. Kumakatok sa pinto ang paglalasing at nais pumasok. Maaaring sa mga tanging pagkakataon, kasama ng mga kaibigang maka-

sanlibutan, nahihiya siyang matawag na kakatwa, mahina, o di-nakikisama, at sinasabi ng diyablo na hindi makasisira sa kanyang buhay espiritual ang isang pagkakataong ito. Nagpa-




## ANG TEMPLO NG DIOS

paramdam na rin ang maruruming isipan at pita ng laman. Marahil ay nagpapasimula na siyng masiyahan sa pakikinig ng mga birong imoral, muling tuminging nasisiyahan sa imoral na mga palabas, at makisama sa mga kaibigang imoral. Nagpupunta na siyang muli sa mga sayawan, makasalanang aliwan, at

nilululon ang masasamang mungkahi ng diyablo na nagsasabi sa kanya na likas lamang ito at ang isang kasalanan ay hindi talagang kasalanan.

Totoo ngang hindi natin mapipigilan ang pagliliparan ng maiilap na ibon ng kasamaan at maruruming isipan sa ibabaw ng ating ulo, nguni't nagkakasala tayo kapag pinapayagan nating magpugad sila sa ating puso, hanggang sa mapisa roon ang mga itlog ng masasamang gawa. Kung iaabot natin sa diyablo ang ating maliit na daliri, tiyak na dadakmain niya ang buong kamay, hihilahin ang kaluluwa at espiritu sa impiyernong walang hanggan. Kaya't ang maselang babala ng Dios sa atin ay takasan ang mga pitang makasanlibutan at huwag bibiruin ang kasalanan, sa anumang anyo ito dumating. Tumakbo patungo kay Jesus, ang Tagapagpalaya, ang Mananakop.

Ang taong makikita sa larawang ito na may patalim at sinasaksak ang puso, ay yaong mga lumilibak at sumasalungat sa Cristianismo. Sinasaksak nila ng mapanira nilang dila at mapang-uyam na labi ang puso ng Cristiano — mga pagsalakay na hindi matatagalan ng isang pusong nahati. Nagpapasimula siyang matakot sa mga tao kaysa sa Dios at dahil sa takot sa sasabihin at gagawin ng tao, nagiging alipin siya ng mga tao, at napapalayo siya sa Dios. Lumilitaw ang poot at galit sa panahon ng suliranin at kabiguan, at pilit na nakapapasok. Walang abug-abog na gagapang na papasok ang masamang ahas ng panibugho, na lumilitaw kapag higit na matagumpay at maunlad ang iba, at kung bibigyan ng pagkakataon ay bubuksan nito ang pinto sa kapootan at kapalaluan.


Copyright ANCP

Napakadaling pumasok sa ating puso ang pag-ibig sa salapi malibang dinggin natin ang mga babala ng ating Panginoong Jesus na, "Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso" (Mateo 26:41). "Kaya't ang may akalang siya'y nakatayo, mag-ingat na baka mabuwal" (1 Corinto 10:12). Dapat nating isuot ang buong kagayakan ng Dios, upang tumibay tayo laban sa mga lalang ng diyablo (Efeso 6:11-18).

## ANG IKAPITONG LARAWAN

Ipinakikita ng larawang ito ang kalagayan ng puso ng taong nagbalik sa kasalanan, na matapos niyang matanggap ang kaliwanagan at matikman ang makalangit na kaloob at maging kahati ng Espiritu Santo, siya'y muling nahulog. Ipinakikita rin ang kalagayan ng isang taong hindi kailanman nagsisi o sumuko sa Dios, sa kabila ng paulit-ulit na paglalahad at paghahatid sa kanya ng katotohanan ng Ebanghelyo, na tinawag na "Mabuting Balita." Ang taong nagmamatigas sa tawag ng Dios ay lalong sasama kahi't na pagsikapan niyang baguhin ang kanyang sarili!

Hinggil sa nagbabalik sa kasalanan, si Jesus mismo ang naglarawan sa kalagayang ito nang sabihin niya, "Pagka ang karumaldumal na espiritu ay lumabas sa isang tao, ay lumalakad sa mga dakong walang tubig, na humahanap ng kapahingahan,




## ANG PUSONG TINUKSO AT NAHAHATI

at pagka hindi makasumpong, ay sinasabing, Babalik ako sa aking bahay na nilabasan ko. At pagdating niya ay nasusumpungang walis na at nagagayakan. Kung magkagayo'y yumayaon siya, at nagsasama ng pito pang espiritu na lalong masasama pa kaysa kanya; at sila'y nagsisipasok at nagsisitahan doon: at nagiging lalo pang masama ang huling kalagayan ng taong yaon

kaysa una" (Lucas 11:24-26). "Nangyari sa kanila ang ayon sa kawikaang tunay, Nagbabalik na muli ang aso sa kanyang sariling suka, at sa paglulubalob sa pusali ang babaing baboy na nahugasan" (2 Pedro 2:22).


Malinaw na ipinaliliwanag ng mga talatang ito ang kalagayan ng isang nagbabalik sa kasalanan o ng puso ng makasalanang hindi nagsisisi. Muling nagbabalik ang kasalanan, taglay ang kanyang pandaraya, upang manatili at maghari sa puso. Pati sa mukha ay nababadha ang kalagayan ng kanyang puso. Napipilitang lumisan ang Espiritu Santo, ang maamong kalapati, pagka't hindi maaaring magkasama ang kasalanan at ang Espiritu Santo. Hindi maaaring maging templo ng Dios at yungib ni Satanas ang puso. Malungkot ding lumisan ang anghel, ang Salita ng Dios, nguni't lumilingon, sa pag-asang magsisisi ang taong ito kagaya ng alibugha, "na ibig sanang mabusog ang kanyang tiyan ng mga ipa na kinakain ng mga baboy: at walang taong magbigay sa kanya. Datapuwa't nang siya'y makapag-isip ay sinabi niya, Magtitindig ako at paroroon sa aking ama, at sasabihin ko sa kanya, Ama, nagkasala ako laban sa langit at sa iyong paningin: hindi na ako karapatdapat na tawaging anak mo" (Lucas 15:16-19). Pagkakita ng ama sa nagsisising anak, ito'y kanyang pinatawad at tinanggap.

Ang puso sa larawang ito'y walang tanda ng tunay na pagsisisi, panunumbalik sa Dios, paghingi ng kapatawaran sa paanan ni Jesus. Ang kanyang budhi ay parang hinerohan ng nagbabagang bakal at pinatahimik. May mga tainga siya nguni't hindi naririnig ang sumasamong tinig ni Jesus. May mga mata siya nguni't hindi nakikita ang impiyernong nakanganga sa kanyang paanan. Hindi na niya ikinahihiya ang paggawa ng kasalanan. Si Satanas na ang naghahari sa kanyang puso at nakaluklok na hari sa trono. Maaaring ipagmalaki pa niya ang panlabas niyang kaayusan at pagiging kagalang-galang, ang pagkakaroon ng anyong relihiyoso, gaya ng pinaputing mga libingan, "datapuwa't sa loob ay puno ng mga buto ng mga patay na tao, at ng lahat ng karumal-dumal" (Mateo 23:27).

Kinuha ng ama ng kasinungalingan ang lugar ng Espiritu ng Katotohanan. Bawa't hayop, bawa't kasalanan ay may kasamang isang tanging demonyo at maruming espiritu at siyang nakatira sa puso. Iibigin man niyang makalaya mula sa nagpapahirap sa kanya, wala siyang magawa pagka't siya'y iginapos nila. "Ang magpawalang-halaga sa kautusan ni Moises sa patotoo ng dalawa o tatlong saksi, ay mamamatay na walang awa: Gaano kayang higpit ng parusa, sa akala ninyo, ang ihahatol na nauukol doon sa yumurak sa Anak ng Dios, at umaring di banal sa dugo ng tipan na nagpabanal sa kanya, at umalipusta sa Espiritu ng biyaya?" (Hebreo 10:28,29; 2 Pedro 2:1-14).

Copyright ANGP

Sakaling ang larawang ito'y katugon ng kalagayan ng inyong puso, mahal naming kaibigan, huwag ka nang magpaliban ng pagtawag sa Dios, mula sa kaibuturan ng iyong puso. "Siya'y




## ANG PUSONG PINATIGAS

nakapagiiligtas na lubos," magagawa niya at handa Niyang patawarin ang lahat ng kasalanan, kung lalapit ka sa kanya na may tunay na pagsisisi. Kaya niyang gapusin ang diyablo at ang lahat ng kampon ng kadiliman, at ihagis silang palabas sa iyong puso, kung ikaw lamang ay magpapahintulot sa kanya na gawin ito. Lumapit kang gaya ng ketongin na lumapit kay Jesus at

nagsabi, "Kung ibig mo, ay maaaring malinis mo ako." Sumagot si Jesus, "Ibig ko; luminis ka" (Marcos 1:40,41). Subali't kung patuloy mong patitigasin ang iyong puso, at iibigin ang kadiliman sa halip ng kaliwanagan, wala nang pag-asa, walang tulong, sapagka't pinipili mo ang kamatayan sa halip ng buhay — "Sapagaka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan" (Roma 6:23).


## ANG IKAWALONG LARAWAN

Masusumpungan natin dito ang mapapagpaliban o nagmatigas na makasalanan sa pagharap niya sa kamatayan, punung-puno ng karamdaman ang kanyang katawan at takot sa kamatayan ang kanyang kaluluwa. Dumating si Kamatayan (ang kalansay) sa di-inaasahan at di-hinihintay na oras. Wala na ang magdarayang kaaliwang dulot ng kasalanan, at dapat nang harapin ang malagim na katunayan ng mataas at nakahihindik na kabayaran ng kasalanan. Inaagaw na ng impiyerno ang kanyang biktima. Bagama't ngayo'y ibig niyang manalangin, hindi niya maituloy ang pakikipag-usap sa Dios na tinanggihan niya sa nagdaang mahabang panahon. Natatakot manatili sa kanyang tabi ang dating mga kaibigan, at walang maitutulong ngayon ang walang kabuluhan nilang pang-aaliw. Hindi kayang pahabain ng kanyang kayamanang nakuha sa maruming paraan ang kanyang buhay, o mailigtas kaya ang kanyang kaluluwa, o bawasan ang paghihirap ng kanyang kaluluwa. Nahihirapan na siyang maglagak ng kanyang isipan sa Dios sapagka't ayaw siyang pahintulutan ng diyablo.

Lahat ng bagay na minahal niyang minsan at naging layunin sa buhay ay waring umuuyam sa kanya at maging ang suwail, at marahil ay makasalanan ding pastor ay hindi makatulong sa kanya ngayon, pagka't tinanggihan din nito ang biyaya ng Dios at nahulog din sa kahatulan. Ngayon niya nagugunitang "kakila-kilabot na bagay ang mahulog sa mga kamay ng Dios na buhay" (Hebreo 10:31). Umasa siyang makikipag-ayos sa Dios kung kailan maginhawa para sa kanya, o kung malapit na siyang mamatay, subali't huli na. Libu-libo ang namamatay nang biglaan, nang wala man lang pagkakataong tawagan ang Dios. Kaya nga, mahalagang hanapin ang Dios samantalang siya'y masusumpungan. Sa halip na marinig ang nakaaaliw at nagliligtas na pangungusap ng Dios, maririnig ngayon ng naghihingalong makasalanang ito na tumanggi sa biyaya at pag-ibig ng Dios nang siya'y malakas pa at may pagkakataon, ang tinig ng kanyang Hukom, ang Tagapagligtas na kanyang itinakwil, na

Copyright ANGP

nagsasabing "Magsilayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa, at pasa apoy na walang-hanggan na inihanda sa diyablo at sa




## ANG KAPAHAMAKAN NG MAKASALANAN


kanyang mga anghel" (Mateo 25: 41). "Itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom" (Hebreo 9: 27).

Kinakatawan ng larawang ito ang isang Cristianong nagtitiis at nagtatagumpay sa maapoy na mga pagsubok at tukso. Bagama't siya'y tinutukso sa lahat ng panig, nananatili siyang matibay at tapat hanggang wakas, anupa't higit pa siya sa isang manlulupig dahil kay Jesu-Cristo. Hindi lamang siya nakilahok sa takbuhing Cristiano, kundi nagtitiyaga rito, buong katiyagaang tumatakbo, ni hindi tumitingin sa kaliwa o sa kanan, kundi "kay Jesus, ang gumagawa at sumasakdal ng ating pananampalataya" (Hebreo 12: 1,2).

Nakapaligid si Satanas kasama ang lahat ng mga kampon niya, at sinisikap na mailigaw ang anak ng Dios. Nakalarawan din ang kapalaluan, ang pag-ibig sa salapi, ang demonyo ng imoralidad, at iba pa. Sa halip na leopardo ay makikita natin ngayon ang isang aso, pagka't madalas tayong lapitan ng kasalanan sa ibang anyo, at nagkukubli ito sa ibang pangalan. Nguni't nasisinag ng mapagbantay na Cristiano ang kasalanan kahi't na ito nakabalabal ng relihiyon, o nag-anyong anghel ng kaliwanagan, pagka't inaakay siya ng Salita ng Dios at ng Espiritu ng Katotohanan patungo sa buong katotohanan. May isang lalaking sumasayaw sa paligid ng Cristiano at may hawak na kopa ng alak upang akitin siya. Subali't wala itong naging bisa sa matapat na Cristiano, pagka't napako na siyang kalakip ni Cristo at patay sa kasalanan at sa sanlibutan. Ang pangalawang lalaki sa larawan ay may patalim at sinasaksak niya ang Cristiano. Paninirang-puri, pang-uuyam at pagbabanta sa pamamagitan ng mga kaaway ng Dios — at kadalasa'y ng tinatawag na mananampalataya — ang laging sumasaksak sa puso ng tunay na mananampalataya. Nguni't patay siya sa anumang sasabihin ng mga tao at tanging ang sinasabi ng Dios ang mahalaga sa kanya. Nagugunita niya ang sinabi ni Jesus, "Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalimura, at kayo'y pinag-uusig, at kayo'y pinagwiwikaan ng sari-saring masama na pawang kasinungalingan dahil sa akin. Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagka't malaki ang ganti sa inyo sa langit" (Mateo 5: 11,12).

Ginagawa ng kasalanan, ng laman (ang sarili) at ng diyablo ang lahat upang ihiwalay ang Cristiano sa pag-ibig ng Dios. Nguni't buong kagalakan at pagtitiwala niyang masasabi, "Sino ang maghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? ang kapighatian, o ang kahapisan, o ang pag-uusig, o ang kagutom, o ang kahubaran, o ang panganib, o ang tabak?" (Roma 8:35). "Hindi, kundi sa lahat ng mga bagay na ito tayo'y higit pa sa mga mapagtagumpay sa pamamagitan niyaong sa atin ay umibig" (Roma 8:37). Suot ang buong kagayakan ng Dios, ngayo'y matatagalan niya ang araw na masama at mapagtatagumpayan

ang lahat ng tukso sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na nagtagumpay sa lahat ng pagsubok at tukso, kaya't sa pamamagitan niya'y magtatagumpay rin tayo at makakamit natin ang putong ng kaluwalhatian.




## ANG PUSONG MANANAGUMPAY

ANG BITUIN ng kanyang budhi ay malinaw at maliwanag. Tigib ng pananampalataya at puspos ng Espiritu Santo ang kanyang puso. Ipinagugunita sa kanya ng anghel, na siyang Salita ng Dios, ang mahahalagang pangako sa mga nagtatagum-

pay at nananatiling tapat hanggang wakas. "Ang magtagumpay ay siya kong pakakanin ng punong-kahoy ng buhay, na nasa paraiso ng Dios." "Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan." "Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan." "At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan" "Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anumang paraan ang kanyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kanyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kanyang mga anghel." "Ang magtagumpay, ay gagawin kong haligi sa templo ng aking Dios, at hindi na siya lalabas pa doon". "Ang magtagumpay ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kanyang luklukan" (Apocalipsis 2:7,11,17,26; 3:5,12,21).

ANG BUKAS NA SUPOT NG SALAPI ay nagpapakitang hindi lamang ang kanyang puso, kundi pati kanyang salapi ay nakatalaga sa Dios. Sa halip na sayangin ang kanyang panlupang tinatangkilik, tumutulong siya sa mahihirap, nagbibigay ng ikapu (ikasampung bahagi ng kanyang kita) at mga kaloob o kahi't lahat ng tinatangkilik niya, upang magamit para sa kaluwalhatian ng Dios.

ANG TINAPAY AT ANG ISDA ay sumasagisag sa kanyang malinis at mapagpigil na buhay. Hindi siya nagpapakarumi sa pamamagitan ng inuming nakalalasing, o pagkain ng dugo, o anumang ininis, o iba pang maruming pagkain. Hindi niya sinasayang ang kanyang salapi, ni nagpaparumi ng kanyang katawan (na siyang templo ng Dios), sa pamamagitan ng pagngata o paghitit ng tabako, ni gumagamit man ng mapanganib na mga gamot, kundi kumakain ng masustansiya, malinis, at wastong pagkain. Ang puso niya'y naging bahay ng panalangin. Palagian siyang dumadalo sa gawain sa iglesya kahi't na anong panahon at anuman ang mangyari. Ibig niyang manalangin, kahi't sa bahay-panalanginan o sa piling ng kanyang kaanak, o sa loob ng sariling silid, pagka't alam niyang hindi maaaring mabuhay ang isang Cristiano nang walang pakikiugnay sa Dios sa pananalangin.

ANG BUKAS NA AKLAT ay kumakatawan sa Biblia na laging bukas sa kanya, at binabasa niya ito at pinag-aaralan araw-araw, kaya't nakasusumpong siya ng karunungan, kalakasan, buhay at ilaw, oo, di-mailarawang mga kayamanang naririto. Naging ilawan ito sa kanyang mga paa at tabak na panlupig sa kaaway. Ito ang pang-araw-araw na pagkain ng kanyang

Copyright ANGP

**kaluluwa, tubig na pamawi ng uhaw, panlinis sa karumhan, at salaminan ng kanyang sariling kalagayan.**

**Magalak niyang pinapasan ang kanyang krus, sapagka't alam niyang walang putong kung walang krus. Sa pagkabatid niya na siya'y nagbangon nang kasama ni Cristo tungo sa bagong buhay, hinahanap niya ang mga bagay na panlangit, at gaya ng punong-kahoy na itinanim sa tabi ng katubigan, siya'y walang-hanggan, di-nakikita. Handa siyang sumalubong sa Dios, namumunga sa kapanahunan. Gaya ng sanga ng tunay na puno ng ubas, namumunga siya nang sagana. Hindi siya takot sa kamatayan, pagka't ang sakdal na pag-ibig ng Dios, na kanyang tinanggap sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang pumupuno sa kanyang puso.**

## ANG IKASAMPUNG LARAWAN

Sinabi ni Jesus, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli, at ang kabuhayan: ang sumasampalataya sa akin, bagama't siya'y mamatay, gayunma'y mabubuhay siya. At ang sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay kailanman" (Juan 11:25,26). "Ang dumirinig ng aking salita, at sumasampalataya sa kanya na nagsugo sa akin, ay may buhay na walang-hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamatayan" (Juan 5:24). Wala nang takot sa kamatayan ang Cristiano. "Nilamon ng pagtatagumpay ang kamatayan. Saan naroon, oh kamatayan, ang iyong pagtatagumpay? Saan naroon, oh kamatayan, ang iyong tibo? . . . Salamat sa Dios na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo" (1 Corinto 15: 54-57).

Ang taong namuhay at lumakad na kasama ng Dios ay walang takot sa kamatayan. Pagsapit ng sandali ng kanyang paglisan, magalak siyang papanaw, gaya ng patotoo ni Apostol Pablo, "may nasang umalis at suma kay Cristo; sapagka't ito'y lalong mabuti" (Filipos 1:23).

Nasasabik ang isang Cristiano na mamasdan ang mukha ni Jesus, na namatay para sa kanya at tumubos sa kanya sa krus. Ipinagugunita rin sa kanya ng Espiritu Santo ang pangungusap ni Jesus, "Huwag magulumihanan ang inyong puso: magsisampalataya kayo sa Dios, magsisampalataya naman kayo sa akin. Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan . . . muling paririto ako, at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon" (Juan 14:1-4). "Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, Anumang bagay na inihanda

ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kanya" (1 Corinto 2:9). Walang angkop na wika sa ibabaw ng lupa na makapagpapaliwanag o makapaglalarawan sa mga dako sa langit na inihanda para sa mga lumalakad ayon sa iniwang halimbawa ng ating Panginoong Jesu-Cristo.




## ANG MALUWALHATING PAG-UWI

Sa halip na isang nakatatakot na kalansay (kamatayan), makikita ang anghel o sugo ng Dios sa huling larawan. Naghihintay siya upang dalhin ang espiritung inaring-ganap pabalik sa Dios. Lumalaya ang kaluluwa at espiritu mula sa mga gapos ng katawang may kabulukan, at pumapailanlang papasok sa nakabukas na pintuan ng kalangitan patungo sa sinapupunan niya na kanyang inibig, pinaglingkuran sa lupa hanggang sa

sandali ng kamatayan. Isang maligayang pagtanggap ang naghihintay sa kanya sa harapan ng Dios, at doon siya babatiin ng kanyang Panginoon at Guro ng, "Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: pumasok ka sa kagalakan ng iyong Panginoon" (Mateo 25:21). Wala nang kapangyarihan si Satanas sa kanya, pagka't "mahalaga sa paningin ng Panginoon ang kamatayan ng kanyang mga banal" (Awit 116:15). "At narinig ko ang isang tinig na mula sa langit na nagsasabi, Isulat mo, Mapapalad ang mga patay na nangamamatay sa Panginoon mula ngayon: oo, sinasabi ng Espiritu, upang sila'y mangagpahinga sa kanilang mga gawa; sapagka't ang kanilang mga gawa ay sumusunod sa kanila" (Apocalipsis 14:13).

## HULING PAYO

Mahal na mambabasa, nawa'y tulungan kayo ng Dios na ibigay sa Kanya ang inyong puso; mahal Niya kayo, at sumasamo Siya ngayon na sinasabi, "Anak ko, ibigay mo sa akin ang iyong puso" (Kawikaan 23:26). Ibigay ninyo kay Jesus ang inyong pagal, bigo, wasak na puso, at papalitan Niya ng isang bagong puso at isang bagong diwa. Huwag padaya sa inyong sariling puso, o sundin ang mga nasain nito, sapagka't "siyang tumitiwala sa kanyang sariling puso ay mangmang: nguni't ang lumakad na may kapantasan, ay maliligtas" (Kawikaan 28:26). Talikdan ang inyong mga kasalanan at kumapit sa katuwiran, "sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapuwa't ang kaloob na walang bayad ng Dios ay buhay na walang-hanggan kay Cristo Jesus" (Roma 6:23).

Copyright ANGP

At kayong nagtalaga na ng inyong buhay sa Dios, "ingatan mo ang mga ulirang salitang magagaling na narinig mo, sa pananampalataya at pag-ibig na nasa kay Cristo Jesus", gaya ng sinabi ni Pablo sa 2 Timoteo 1:12, "Sapagka't nakikilala ko yaong aking sinampalatayanan, at lubos akong naniniwalang siya'y makapag-iingat ng aking ipinagkatiwala sa kanya hanggang sa araw na yaon". Itatag mo ang iyong buhay sa pinakabanal na pananampalataya, manalangin sa Espiritu Santo, manatili sa pag-ibig ng Dios, masdan si Jesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, ating Panginoon na malapit nang magbalik upang tanggapin ang mga sa Kanya — "ang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon."

"Ngayon, doon sa makapag-iingat sa inyo mula sa pagkatisod, at sa inyo'y makapaghaharap na walang kapintasan na may malaking galak, sa harapan ng kanyang kaluwalhatian, sa iisang Dios na ating Tagapagligtas, sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon, ay sumakanya nawa ang kaluwalhatian, ang karangalan, ang paghahari, at ang kapangyarihan, sa kauna-unahang panahon, at ngayon at magpakailanman. Amen" (Judas 24,25).

A SPECIAL WORD FROM ANGP

UN MONDE SPÉCIAL DE L'ANGP

UMA PALAVRA ESPECIAL DA ANGP

This booklet "The Heart of Man" is available in over 538 languages and dialects spoken throughout the world (Africa, Asia, The Far East, South America, Europe, etc.) Our Heart Book is now also available on cell phones, tablets, etc from www.angp-hb.co.za or as an APP "Heart of Man" on Android phones.

Le livre du "Coeur de l'homme" peut etre obtenu en plus de 538 langues et dialectes parles dans le monde entier, a savoir: Afrique, Amerique, Asie, Extreme Orient, Europe. Notre Livre du Coeur est maintenant aussi disponible sur votre Telephone cellular, plaques, etc. de www.angp-hb.co.za ou comme une Application "Heart of Man" sur telephones Android.

Este livro "O Coracao do Homem" e obtfdo em mais de 538 linguas e dialectos falados em todo o mundo, a saber: (Africa, Asia, America do Sul, Extremo Oriente, Europa, etc). O nosso Livro O Coração do Homem tambem esta agora disponivel em telefone celular, tablets, etc. de www.angp-hb.co.za ou como um aplicativo "Heart of Man" nos telephones celulares Android.

Copyright ANGP

The 10 heart pictures contained in this booklet are also available in the form of large coloured picture charts (86 x 61cm) bound together in a set of 10 pictures. These "Heart Charts" can be obtained with European or African features and are particularly suitable to be used in conjunction with the Heart Book for class-teaching, open air evangelization etc. Kindly contact us to ascertain the latest subsidized price of this chart.

Les 10 images du coeur qui figurent dans ce livre peuvent etre obtenues en tableaux de couleur, format 86 x 61 cm, avec des physionomies europeennes ou africaines. Ils peuvent etre utilises en meme temps que le livre du coeur pour des classes bibliques, a

l'ecole du dimanche ou lors de reunions de plein air. Soyez aimable de nous contacter pour assurer les derniers prix en cours du tableau.

As 10 imagens do coracao, contidas neste livro podem ser obtidas num conjunto de 10 imagens em colorido no tamanho de (86 x 61 cm). Estes "Cartazes do Coracao podem ser obtfdos com caracterfsticas Europeias e Africanas e podem ser usados em conjuncao com o mesmo livro em classes de ensino biblico, evangelizacao ou ao ar livre. Agradeciamos que nos contacta- se para confirmacao do ultimo preco dos cartazes.



Copyright ANGP

Kindly write to us if you are able to assist us with further translations of our free Gospel literature, informing us of the language into which you could translate this Gospel literature. Your assistance would be appreciated.

If you have found salvation in Christ, or have been otherwise blessed through our Gospel literature, please let us know. We would like to thank God with you, and remember you further in our prayers.

Nous vous invitons a nous contacter pour faire des arrangements concernant de nouvelles traductions de notre litterature, nous informant de la langue dans laquelle vous pouvez traduire cette litterature evangelique. Votre aide sera beaucoup appreciee.

Si vous avez trouve le salut en Christ ou si vous avez ete beni par notre litterature, nous vous prions de nous le faire savoir. Nous aimerions remercier Dieu avec vous et prier pour vous.

Nos vos convidamos a nos contactar, afim de fazer qualquer arranjo concernente a novas traducoes de nossa literatura em outras lfnguas. Vossa assistencia sera muito apreciavel.

Se tem encontrado a salvacao em Cristo, ou se tem sido abencoado por intermedio da nossa literatura evangelica, faca o favor de nos

informar. Pois nos gostarfamos de agradecer a Deus juntamente convosco, e lembra-lo sempre em nossas oracoes.

For free Gospel literature, books and tracts in over 538 languages, write to:

Pour obtenir gratuitement de la litterature evangelique, des livres et des traites en plus de 538 langues, ecrivez a:

Para obter gratuftamente a literatura evangelica, livros e folhetos em mais de 538 lfnguas diferentes escreva para:

E-MAIL: info@angp-hb.co.za
info@angp.co.za

**ALL NATIONS GOSPEL PUBLISHERS**
**P.O. Box 2191**
**PRETORIA**
**0001**
**R.S.A.**

Copyright ANGP

A Gospel Literature Mission financed by donations
Une Mission de litterature evangelique financee de dons
Missao de literatura Evanqelica financiada por donativos

(Reg. No. 1961/001798/08)